ConnectABILITY
A project of Community Living Toronto

# Pagsulong o Pagpapaunlad ng Komunikasyon

Mga simpleng paraan sa pagsulong ng pananalita.

1. Bumaba at pantayin ang taas ng bata at kunin ang kanyang atensyon.
   (Halimbawa: Lumuhod sa harapanan ng bata at hawakan ang kanyang mukha.)

2. Kausapin ang bata.
   i) Ilarawan ang mga bagay sa paligid ng bata. (Gumamit ng "props" kung mayroon)
   Halimbawa: "Pulang bola" (hawakan ang bola)
   "Truck ni Zawar" (hawakan ang truck)

   ii) Ipaliwanag ang mga nanyayari.
   Halimbawa: "Si daddy ay nagluluto.
   "Asong kumakahol"

   iii) Ipaliwanag ang ginagawa mo at kung ano ang ginagawa ng bata.
   Halimbawa: "Nagsasalin ng inumin"
   "Nagpapalit ng lampin ni Sumaya"

3. Gumamit ng maikli at simpleng pangungusap.
   Halimbawa: "Isuot ang jaket". "Ipasok ang mga kamay". "Itaas ang siper"

4. Gumamit ng paulit-ulit na salita. Bigyan-diin ang mga importanteng salita. Gumamit ng parehong salita tuwing maglalarawan ng mga bagay o aktibidades.
   Halimbawa: "Mayroong aso". "Malaking aso". Ang kahol ng aso ay "aw-aw".

5. Magpalabis sa kilos o expresyon ng mukha.
   Halimbawa: "Oh (itaas ang kilay at buksan ang bibig) tingnan ang aso" (ituro ang aso)

6. Ulitin ang tunog o salita ng bata.
   Halimbawa: bata: "ba", matanda: "ba"
   bata: "wa wa" matanda: "wa wa"

7. Gayahin at ituloy ang gustong sambitin na salita ng bata.
   Halimbawa: bata: "kot"
   matanda: "kotse" (paggaya)
   matanda: "kotse alis" (pagtuloy)

8. Iwasan ang mga tanong na may sagot na **oo/hindi**. Ang bata ay gagamit lang ng isang salita sa pagsagot.
   Halimbawa: matanda: "Gusto mo pa ba ng gatas?" — sasagot ang bata ng "oo"
   bata: "Ano ang gusto mo? — sasagot ang bata: "gatas pa"

9. Kung ang bata ay hindi pa nakakapagsalita, **ipaliwanag** ang kanyang mga kilos. Bigyan ng mga salita na maari niyang gamitin sa mga darating na araw.
   Halimbawa: Kapag gusto ka niyang tawagin at hinila ang iyong kamay, sabihin mo: "halika? Gusto mo akong sumama? O sige, sasama ako, Halika".

Nota: Tandaan, na kapag ang bata ay gustong gumamit ng salita o kilos, **tumigil muna sandali.**

Halimbawa:
matanda: "Ano ang gusto mo?" (bumilang ng 1 hanggang 5 ng tahimik)
matanda: "Ano ang gusto mo?" (bumilang ng 1 hanggang 5 ng tahimik)
Kung walang sagot, sabihin mo: "Gatas"